

**APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN
NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON**

A. URI NG PONDO

Pondo para sa Pangangalaga sa Katatagan (*Resourcing Resilience*)

Ang pondo na ito ay bukas para sa mga kababaihan, *non-binary*¹, at mga organisasyong nagtataguyod ng karapatang pantao sa Asya at Pasipiko na – sa kanilang sarili o pakikipagtulungan sa iba ay – nais gumawa ng inisyatibo, kabilang ang hindi inaasahang oportunidad, na makatutulong sa pangangalaga sa katatagan para sa aktibismong pang-karapatang pantao at pang-karapatan ng mga kababaihan.

B. PAG-APPLY PARA SA PONDO

Mag-apply sa www.unafp.org; o sa grants@uafanp.org

C. PAMANTAYAN NG PONDO

1. **Kababaihan o *non-binary* na indibidwal ang namumuno** -mga kababaihan o *non-binary* na indibidwal ang pangunahing benepisyaryo ng pondo. Pinakamainam na maibigay ito sa pamamagitan ng organisasyon para sa karapatan ng mga kababaihan;

2. **Pokus sa karapatang pantao** - ang tagapagtanggol o kaniyang organisasyon ay dapat nagsusulong ng mga karapatang pantao ng mga kababaihan at *LGBTQI+* sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan, at nagtataguyod sa pagiging unibersal ng karapatang pantao;

3. **Istratehikong Pamamagitan** – ang pondo na hinihiling ay nakalaan para sa pamamagitan o *intervention* na tumutugon sa paparating o mga hindi inaasahang oportunidad para sa proteksyon at suporta para sa mga tagapagtanggol na kababaihan o *non-binary*. Ito ay puwedeng mga matapang (*bold*), istrategiko (*strategic*), at malikhain (*creative*) o makabagong (*innovative*) gawain na makatutulong sa pangangalaga sa katatagan para sa aktibismong pang-karapatang pantao at pang-karapatan ng mga kababaihan;

4. **Tali sa Oras (*Time-bound*)** - ang inirerekomendang gawain ay maisasagawa sa loob ng 3 buwan matapos maaprubahan ang aplikasyon at matatapos sa loob ng 6 na buwan;

5. **Suportado/Kasapi ng alyansa** - ang tagapagtanggol o ang organisasyon ay suportado ng iba pang mga kasama sa mga gawain para sa karapatan ng kababaihan, karapatang sekswal, at iba pang kaparehong adbokasiya sa lokal at pambansang lebel.

Hindi kami nagbibigay ng pondo sa:

- *Cisgender*² na lalaki o mga organisasyon o alyansa na pinamumunuan ng mga *cisgender* na lalaki;
- Mga pansariling kahilingan na hindi iniindorso ng organisasyon, komunidad, kaugnay na alyansa, o ng taga-payo ng UAF A&P;
- Mga aktibidad o proyekto para sa *humanitarian crisis* o mga natural na kalamidad;
- Mga aktibidad o proyektong nakatuon sa *development aid* o kawanggawang tulong;
- Mga aktibidad o proyektong parte ng regular na programa ng isang organisasyon;
- Mga regular na *budget* pang-operasyon o kakulangan ng pondo.

D. LIGTAS NA DALUYAN NG KOMUNIKASYON

Naniniwala ang UAF A&P na ang seguridad at *privacy* ng aming mga aplikante ay ang sentro ng aming pagtugon at ng aming programa. Parte nito ay ang pagtiyak na lahat ng daluyan ng komunikasyon ay ligtas o *encrypted*. Nakalista ang mga NATATANGING daluyan ng komunikasyon na aming tinatanggap at ginagamit.

- **Protonmail** - <https://protonmail.com/signup>
- **Signal application** - <https://signal.org/>

Mariin naming inirerekomenda ang paggawa ng *accounts* o pagsapi sa mga nabanggit na daluyan ng komunikasyon. Wala pang 10 minuto ang pag-*sign up*. Kung kayo ay nangangailangan ng tulong, puwedeng kontakin ang aming IT Support Facilitator na si Esther sa esther@uafanp.org

¹Ang *non-binary* ay isang termino na nangangahulugang ang pagkakakilanlan na kasarian (*gender identity*) ng isang indibidwal ay hindi lang babae o lalaki kaya sila ay labas sa *gender binary* at *cisnormativity*. Ginagamit ito UAF A&P para maibilang ang mga *androgynous*, *polygender*, *genderqueer*, *gender fluid*, at *a-gender* na indibidwal.

²*Cisgender* na lalaki ay ang mga indibidwal na pinanganak na lalaki, at nagpapakilala at namumuhay bilang lalaki.

**APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN
 NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON**

I. IMPORMASYON NG APLIKANTE

1. Pangalan ng aplikante:

Pangalan ng aplikante

**Pangalan ng Organisasyon
 o Alyansa/Komunidad na
 kinabibilangan ng aplikante (Ang
 organisasyon/alyansa o ang
 sponsor ay kailangan para maging
 kwalipikado ang aplikasyon.)**

Pangalan ng organisasyon

Posisyon ng aplikante

Mailing Address

Address

Lungsod

Lalawigan/Estado

Bansa

ZIP Code

Contact Details

Email

Mobile Number

Telephone

Signal

WhatsApp

**Website at Social Media
 (Kung Mayroon)**

Website

Facebook

Twitter

Iba pa

**2. Ang pondo bang hinihiling ay
 para sa iyong sarili o organisasyon,
 o sa ngalan ng ibang tao/ibang
 organisasyon?**

Para sa aking sarili o para sa aking organisasyon (Kung oo, lampasan ang bilang 3, 3A, o 3B.)

Sa ngalan ng ibang tao o organisasyon/alyansa/komunidad (Kung oo, sagutan ang bilang 3, 3A, o 3B.)

**3. Kung ang kahilingang ito ay para sa ngalan ng ibang indibidwal, organisasyon/alyansa/komunidad, isulat ang kanilang pangalan.
 (Lampasan kung HINDI.)**

**3A. Sa Ngalan ng Indibidwal na
 Tagatanggap:**

Pangalan ng indibidwal

Email

Phone

Pangalan ng Alyansa o Organisasyon

3B. Sa Ngalan ng Tagatanggap:

Pangalan ng Alyansa o Organisasyon

Pangalan ng Contact Person

Email

Phone

Pangalan ng Alyansa o Organisasyon

II. IMPORMASYON NG ORGANISASYON

1. Mga Misyon at Layunin ng Organisasyon o Alyansa

APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON

1A. Mga area ng gawain:

Karapatang Sibil at Politikal	Karapatan ng mga Manggagawa	Karapatan sa Sekswal at Kalusugang Reproduktibo
Pagbabago ng Klima/Hustisyang Pang-kapaligran	Karapatan sa Lupa	Sosyal at Ekonomikal na Hustisya
Hidwaan/Usaping pang-kapayapaan	Sistemang Legal/Pang-hustisya	Manggagawang Sekswal
<i>Digital Security/ICT</i>	<i>LGBTQI+/SOGIE</i>	<i>Trafficking</i>
Minoryang Pangkat Etniko	Karapatan ng mga Migrante	Maralitang Taga-Lungsod
Puwersahang pagpapaalis/ <i>IDPs</i>	Pesante/Kababaihan sa Lalawigan	<i>VAW</i> /Karahasan base sa Kasarian
Kagalingan at Kapakanan	Karapatan ng may mga Kapansanan/ <i>PWDs</i>	Kababaihang Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao
<i>HIV/AIDS</i>	Politikal na Pakikilahok	Kabataan/Kabataang Kababaihan
Karapatang Pantao	<i>Refugees</i> / Kawalan ng Estado	
Karapatan ng mga Katutubo	Relihiyong minorya	Iba pa
	<i>Senior Citizens</i>	

2. Mga Tagagawa ng Desisyon at Komposisyon ng Kasarian (Gender Composition)

Sino ang mga pangunahing tagagawa ng desisyon sa iyong organisasyon/alyansa/komunidad?

Pangalan ng Kontak	Posisyon	Pagkakakilanlan na Kasarian
Pangalan ng Kontak	Posisyon	Pagkakakilanlan na Kasarian
Pangalan ng Kontak	Posisyon	Pagkakakilanlan na Kasarian

3. Mga Sanggunian/Nag-endorso

Ibigay ang mga pangalan at *contact information* ng dalawang sanggunian na maaaring mag-endorso ng iyong trabaho. Iminumungkahi namin na ipalam sa kanila ang tungkol dito upang makapagbigay sila ng kasagutan sa oras.

Pangalan ng Sanggunian	Pangalan ng Organisasyon/ Alyansa na kinabibilangan
Email	Phone
Kaugnayan sa aplikante (Paano mo nakilala ang taong ito?):	
Pangalan ng Sanggunian	Pangalan ng Organisasyon/ Alyansa na kinabibilangan
Email	Phone
Kaugnayan sa aplikante (Paano mo nakilala ang taong ito?):	

4. Suporta ng Donor

Kung akma, ilita ang 1-2 kasalukuyan at dating taga-pondo (sa loob ng huling dalawang taon) at ang kanilang *contact information*.

Pangalan ng Taga-pondo	
Email	Phone
Pangalan ng Taga-pondo	
Email	Phone



APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON

5. Pamamaraan ng Pagbigay ng Referral sa UAF A&P

Paano mo nalaman ang tungkol sa UAF A&P? (*I-tsek lahat ng angkop.*)

Internet search/website ng UAF A&P

Taga-payo ng UAF A&P

Social media

Tauhan ng UAF A&P

Email lists/groups

Pinagkalooban ng UAF A&P

Dating nakatanggap ng na mga pondo mula sa UAF A&P (UAF A&P grantee)

Kasamahan/Kaibigan

Dating nag-aplay pero hindi nakakuha ng pondo (non-UAF A&P grantee)

Iba pa

III. MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA KAHILINGAN PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN (KAILANGAN SAGUTIN)

MGA GABAY NA TANONG: Itong mga GABAY na katanungan ay makatutulong para malaman kung dapat ipagpatuloy ang hiling na pondo para sa Pangangalaga sa Katatagan. Kung OO ang sagot sa mga tanong sa ibaba, sagutan ang mga tanong bilang 1-8.

- Ikaw ba ay humihiling ng pondo para sa iyo o sa iyong organisasyon/alyansa/komunidad para makabuo ng matapang (*bold*), istrategiko (*strategic*), at malikhain (*creative*) o makabagong (*innovative*) gawain na makatutulong sa pangangalaga sa katatagan para sa aktibismong pang-karapatang pantao at pang-kababaihan?
- Ang iyong inirerekomendang gawain ba ay maisasagawa sa loob ng tatlong (3) buwan matapos maaprubahan ang aplikasyon, at matatapos sa loob ng 6 na buwan bilang tugon sa hindi inaasahan na sitwasyon o mahalagang oportunidad para sa proteksyon at suporta sa mga kababaihan o *non-binary* na tagapagtanggol sa Asya at Pasipiko?
- Ikaw ba ay humihiling ng pondo para sa iba pang mga gawain o mga hakbangin na hindi pa nailista sa itaas, ngunit pinabubuti ang katatagan ng mga tagapagtanggol na kababaihan at *non-binary*, at ng mga organisasyon, alyansa o komunidad sa Asya at Pasipiko?

1. Ilarawan ang iyong gawaing aktibismo na nagsusulong o nangangalaga sa karapatan ng mga kababaihan at LGBTQI+ (*o ang tauhan/organisasyon/alyansa/komunidad na iyong nirepresenta*).

2. Anong pangyayari ang nag-udyok sa iyo (o iyong organisasyon/alyansa/komunidad) na gawin ang kahilingang ito?

Kailan at paano ito nangyari?

Ito ba ay hindi inaasahan? Ipaliwanag.

**APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN
NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON**

3. Anong mga inisyatibo ang plano mong (o ng iyong organisasyon/alyansa/komunidad) gawin?

Paano niyo ito balak gawin? Ipaliwanag.

4. Ano ang balangkas at iskedyul mo (o ng iyong organisasyon) para sa gawain na ito?

5. Kung mayroon, sinu-sino ang mga *partners* o kasama ang inyong katulong o pinaplano ninyong makatulong?

Paano mo (o ng iyong organisasyon/alyansa/komunidad) planong makipagtulungan sa kanila? Ipaliwanag.

6. Ano ang mga kapasidad mo (o ng iyong organisasyon/alyansa/komunidad) ang makatutulong sa pagsasagawa ng mga gawain na ito?

**APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN
NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON**

7. Anong resulta ang inaasahan mo (o ng iyong organisasyon/alyansa/komunidad) mula sa inirerekomendang gawain?

8. Kung mangyari ang inaasahang resulta, paano mo ito maipagpapatuloy sa labas ng pondo na galing sa UAF A&P?

IV. HILING NA BUDGET

1. Ano ang halaga ng *budget* na hinihiling?

Ilagay kung anong uri ng salapi ang iyong gamit.

2. Paano gagamitin ang pera? Magbigay ng hiwa-hiwalay na pagkakatala ng *budget* sa talahanayan sa ibaba.

Paalala: Ang UAF A&P ay nagkakaloob ng pondo nang hanggang USD \$5,000 lamang.

ITEM NG BUDGET

HALAGA Uri ng salapi

Kabuoan

3. Bukod sa paghahanap ng pondo mula sa UAF A&P, ano ang iba pang pinagkukunan ng suporta ang puwedeng magamit para sa mga gawaing nabanggit?

**APLIKASYON SA PONDO PARA SA PANGANGALAGA SA KATATAGAN
NG BABAE AT NON-BINARY NA HUMAN RIGHTS DEFENDER AT KANILANG ORGANISASYON**

V. PAGIGING KUMPIDENSYAL

Gusto mo bang manatiling kumpidensyal ang kahilingang ito?

- Oo** Kung "Oo," hindi ipapaalam ng UAF A&P ang mga pangalan ng indibidwal at *contact information* sa sinumang nasa labas ng organisasyon (maliban habang nasa aming proseso ng pag-apruba kung saan kumukonsulta kami sa mga taga-payo at mga pinagkakatiwalaang kontak ng UAF A&P).
- Hindi**